# The Wraith

# 1

*Monday*
*October 10*
*3:33 PM*

"Sa wakas, natupad na rin ang pangarap nating magkaroon ng sariling bahay." Bakas ang pride sa mukha ni Leandro habang pinanonood ang mga trabahador ng moving company na inarkila nila upang maglipat ng kanilang mga gamit. "Sana okay lang sa 'yo kahit hindi brand new at hindi sa isang exclusive subdivision."

Dinunggol siya ng asawang si Ethel sa tagiliran. "Ano ka ba? Di ba, ako pa ang kumumbinse sa 'yo na bilhin na natin 'tong bahay? Eh, ano kung hindi brand new?

For me, it's perfect. Maayos at matibay ang pagkakagawa, may maliit na space para palaruan ng mga bata, at higit sa lahat, pasok sa budget natin. Hindi na natin kinailangang mangutang."

Isa ang house and lot sa mga listed forfeited property ng bangko. Ginamit itong collateral ng dating may-ari, naremata kalaunan dahil hindi nakabayad ang borrower.

Kung tutuusin, ang laki ng natipid nila nang bilhin nila ang property na iyon. Kung pagbabasehan kasi ang sukat ng lote, wala sa kalahati ng inasahan nilang presyo ang binayaran nila sa bangko. Oo nga't outdated ang disenyo ng bahay, pero maayos at matibay pa ang kabuoan nito.

Nasa dulo ito ng *cul de sac* sa isang residential community na malapit lang sa dati nilang inuupahan at sa bahay ng mga magulang ni Ethel. Isa rin iyon sa dahilan kung bakit hindi na sila nagdalawang-isip na bilhin ang property nang makita nila ito sa listing.

"Tama ka. It's ours. Nasa pangalan na natin ang titulo. We'll make this the perfect home for Michelle and Josh."

"Promise?"

"Promise," sagot ni Leandro. Napansin nito na nahihirapang imaniobra ng dalawang trabahador ang refrigerator papasok sa pintuan, kaya nilapitan nito iyon para

tulungan. Naiwan siyang nakatayo sa sidewalk sa tabi ng moving truck.

"May sumpa ang bahay na 'yan. Hindi kayo dapat tumira d'yan."

Muntik nang mapatalon si Ethel dahil sa matandang babae na bigla na lamang sumulpot sa likuran niya at nagsalita.

"Lola, ginulat n'yo naman ako."

Hindi ito pulubi na napadpad sa lugar dahil malinis ang hitsura nito, pati na ang suot na puting bestida. Maaaring nakatira ito sa isa sa kalapit nilang bahay.

"Tagarito din po ba kayo? Gusto n'yong samahan ko kayo pauwi?" tanong ni Ethel. Panay ang tingin niya sa paligid sa pagbabakasakaling may kasama ang matanda na naghahanap dito.

Sa halip na sumagot ay inulit lang nito ang sinabi.

"Eh, Lola—"

"Umalis na kayo. Mapanganib siya."

"S-sino'ng *siya*?"

Imbes na sumagot, nanginginig ang kamay na itinuro nito ang gitnang bintana sa second floor ng bahay, iyong nakaharap sa puno ng mangga na sakop ng kanilang property. Sinundan niya ng tingin ang itinuro nito pero wala naman siyang nakita.

"Hon?" Napapitlag siya sa pagtawag ni Leandro. "Ano'ng tinitingnan mo?"

“Eto kasing si Lola—” Nagulat si Ethel nang sa paglingon ay wala na ang kausap niyang matanda. “Saan na nagpunta ’yun?” bulong niya.

“May hinahanap ka ba?” tanong ni Leandro nang mapansing sinisipat niya ang paligid.

“M-may kausap akong matandang babae kanina.”

“Nasaan na?”

“Bigla na lang nawala.”

“Huh?” Iginala ni Leandro ang paningin sa paligid. Walang ibang tao sa area kundi silang dalawa at ang mga trabahador. “Kung matanda na siya, she can’t walk that fast to disappear, can she?”

“Hindi ko alam.”

Naguguluhan din si Ethel sa nangyari. Hindi niya ngayon malaman kung totoo ang matanda o namalikmata lang siya.

“Nakausap ko siya, Leandro.”

Nagkibit-balikat ang lalaki. “Baka tagarito rin ’yun at na-curious lang sa atin. Baka nag-uulyanin na’t napagdiskitahan ka lang na biruin. I’m sure nagtatago lang ’yun sa isa sa mga puno diyan sa paligid.”

She let loose a frustrated sigh. She had a feeling that was not the case. Pero bago pa siya makapagsalita ay isang ingay mula sa loob ng bahay ang kumuha ng atensyon nila.

Humangos sila papasok.

“Ano’ng nangyari?” tanong ni Leandro nang makita ang isa sa mga trabahador na nakaupo sa sahig, hawak ang duguang binti. Katabi nito ang kasamahan na aligagang nakaalalay. Ang dalawa pang kasama sa grupo ay nakalapit na rin. Sa paanan ng hagdan ay nagkalat ang basag na piraso ng salamin.

“Pasensya na po. Sumala ang paa ko sa baitang ng hagdan kaya nabitiwan ko ’yung salamin,” sabi ng isa. “Kasunod ko po si Greg. Tumama sa binti niya ’yung isa sa nabasag na piraso.”

“Naku, kailangan kang madala sa ospital. Mukhang malalim ang sugat mo at kailangang tahiin,” bulalas ni Ethel.

“Ang mabuti pa, hon, sumama ka sa kanila sa ospital. Ako na ang bahala dito. Ano’ng pangalan mo?” tanong ni Leandro sa lalaki.

“Tony po. Sir, pasensya na po talaga.”

“’Wag mo na munang intindihin ’yun. Aksidente ang nangyari. Samahan mo na lang sa ospital ang kaibigan mo. Sasamahan kayo ng asawa ko.”

Hatid-tanaw ni Leandro ang sasakyan sakay ang tatlo. Nang makaliko ito sa kanto ay saka lang niya hinarap ang dalawa pang lalaki.

“Marami pa ba kayong iaakyat?”

“Naiakyat at naipasok na po namin sa

dalawang kuwarto ang lahat ng malalaking gamit. Itong mga storage box na lang po."

"Kaya ko nang iakyat ang mga 'yan. P'wedeng pakilinis na lang ng nagkalat na salamin? And then, you can go."

Nakatayo siya sa paanan ng hagdan. Sa gilid ng kanyang mata'y may napansin siyang gumalaw sa itaas, pero nang lingunin niya ay walang naroon maliban sa dalawang storage box na nauna nang iniakyat ng mga trabahador.

He frowned. Maybe it was a trick of the light.

Masuwerte ang trabahador na si Greg dahil walang nahagip na ugat nang tumama ang piraso ng salamin sa binti nito. Pero kailangan pa ring tahiin ang sugat dahil medyo malalim iyon at may dalawang pulgada ang haba.

Palabas ng ER si Ethel para bayaran ang bill nang matiyempuhan niyang nagbubulungan sa loob ng cubicle ang dalawang trabahador.

"Pare, pasensya ka na. Nasugatan ka tuloy dahil sa akin."

"Ano ba talaga ang nangyari? Nakainom ka ba kaya ka nadulas?"

"Pare, hindi ako nakainom at lalong hindi ako nadulas. Sinabi ko lang 'yun kasi kahit ako, hindi ko maintindihan kung ano'ng

nangyari."

Kumunot ang noo ni Ethel sa narinig.

"N'ung nasa gitna na 'ko ng hagdan, may humila sa paa ko kaya ako biglang natumba. Tapos, naramdaman ko na lang na may tumulak sa salamin kaya ko nabitiwan 'yun."

"Pare naman, tayong dalawa lang ang naroon. Pareho pa tayong may bitbit."

"Hindi ako nagloloko, pare! May pumigil talaga sa paa ko."

"Sinasabi mo bang..."

"Ewan ko!" Sumilip si Ethel sa siwang ng kurtina. Mas maputla pa sa sugatang kasama ang kulay ng lalaki. "Pagpasok pa lang natin sa bahay, mabigat na ang pakiramdam ko. Hindi ko lang sinabi sa inyo. May kakaiba sa lugar na 'yun. Maniwala ka."

"Naku, pare... paano kung magreklamo sila? Mahirap ipaliwanag kay Boss ang sinasabi mo. Hindi 'yun maniniwala."

"Alam ko." Bumuntong-hininga ang lalaki. "Makikiusap na lang ako kay Ma'am. Mukha namang mabait. Sana nga hindi na magreklamo para hindi mabawasan ang sahod ko."

Iniwan niyang nag-uusap pa rin ang dalawa. Aksidente ang nangyari at wala siyang balak magreklamo.

Pero paano kung may bahid katotohanan ang sinabi ng lalaki? Na may ibang presensya

sa bahay nila?

Naalala niya ang warning ng misteryosong matanda.

Umiling si Ethel.

Aksidente lang ang lahat. Iyon lang iyon.

Wala sa hinagap niya na ang naturang aksidente ay masusundan pa ng mas malala at kakila-kilabot.

# 2

*Wednesday*
*October 12*
*3:33 PM*

Katatapos lang ni Ethel na i-post ang kanyang latest blog sa *Facebook*. Bilang isang social media influencer at content creator, kumikita siya kahit nasa bahay lang.

Bumaba siya para maghanda ng merienda. Wala kasing pasok si Leandro kaya nasa bahay rin ito. Ang dalawang anak naman nila ay nasa bahay ng nanay niya at bago maghapunan pa nila susunduin.

Sa kusina ay sinalubong siya ng di-kaaya-ayang amoy. Dumerecho siya sa CR.

"Bakit ang baho?" Hindi maipaliwanag

ni Ethel ang amoy na sumalubong sa kanya pagpasok sa banyo.

Pinalitan niya ang air freshener, nagbuhos ng *Domex* sa toilet bowl, at nag-flush. Naroon pa rin ang amoy na alanganing mapanghi o amoy may patay na daga.

Lumabas siya para kumuha ng silya.

"Hon, ano'ng gagawin mo diyan?" tanong ni Leandro nang makita siya.

"Bubuksan ko 'yung bintana sa banyo para pumasok ang hangin. Ang baho kasi sa loob."

"Ano'ng mabaho?" Sumunod ito sa kanya. Nalukot din ang mukha nito sa amoy. "Bakit ganito? Kalilinis mo lang kanina, di ba?"

"Kaya nga."

"Teka, ako na." Sumampa ito sa silya at sinubukang buksan ang maliit na bintana. "Ayaw magbukas. Mukhang na-stuck na." Kahit anong pihit at tulak ni Leandro ay hindi man lang umawang ang bintana.

"Ayaw talaga?" Umiling ito. "Hayaan mo na. Maglilinis na lang ako uli."

"Hayaan mo't tatawagan ko si Mang Gener para ma-check 'yung mga tubo. Baka sa sobrang tagal, may sumisingaw na. P'wede siguro tayong magpakabit ng exhaust fan dito."

"Mabuti pa nga."

Medyo nabawasan ang amoy nang maglinis siya. Pero hindi iyon nawala kahit nang gumabi na. Worst, kumalat na ito hanggang sa banyo

sa second floor.

"Bakit ba aligaga ka riyan?" tanong ni Leandro dahil hindi siya mapakali sa kama.

"Naaalibadbaran ako sa amoy ng CR," reklamo niya.

"Tinawagan ko na si Mang Gener. Pupuntahan daw niya bukas para ma-check. Itulog mo na lang kasi. Wala din naman tayong magagawa sa ngayon kundi magtiis."

"Naku, ano pa nga ba!"

Hihiga na si Ethel nang marinig ang sigaw ni Michelle. Hangos silang bumangon at pinuntahan ang anak.

Nakita nila itong nagmamadaling lumabas ng banyo.

"Michelle, ano'ng nangyari? Bakit ka sumigaw?"

"Mommy, may patay na daga po sa CR."

Nagkatinginan silang mag-asawa, kapwa nakakunot ang noo. Si Leandro ang pumasok sa banyo. Nakangiwi ito nang lumabas.

"Ipasok mo na si Michelle sa k'warto. Ako na ang maglilinis sa CR," sabi nito.

Inabot din ng beinte minutos si Leandro sa paglilinis. Tulog na ang dalawang bata nang lumabas si Ethel sa silid at nakasalubong ang asawa.

"Naitapon mo na?" tanong niya.

Tumango ito. "Inuuod na. Kaya siguro natakot si Michelle."

"Ibig sabihin matagal na 'yung patay. Saan mo ba nakita? Nilinis kong mabuti pati kasuluk-sulukan ng CR, wala naman akong nakitang patay na daga."

"'Yun nga ang ipinagtataka ko. And'un lang sa gitna ng sahig, malapit sa lababo."

"Ha? Pero paanong napunta 'yun doon?"

Umiiling na inakbayan siya nito. "Hindi ko rin alam. Ang importante'y naitapon ko na. Hopefully, mawawala na rin 'yung source ng mabahong amoy. Ang mabuti pa'y matulog na tayo."

Even as they lay, Ethel couldn't sleep. Her mind was spinning and her heart pulsed with worry. Bakit sunud-sunod ang mga pangyayaring hindi niya kayang ipaliwanag sa loob ng kanilang bahay?

*Saturday*
*October 15*
*3:33 PM*

"Kids, nakita n'yo ba'ng cellphone ko?"

"Hindi po," sabay na sagot ng dalawang anak, hindi man lang lumingon mula sa pinapanood na cartoons sa TV.

Lumabas sa likod-bahay si Ethel kung saan katulong ni Leandro ang matandang karpintero sa pagkakabit ng exhaust fan sa banyo. "Hon, napansin mo ba ang cellphone

ko?"

"Hindi pa 'ko pumapasok. Saan mo ba inilagay?"

"Ipinatong ko lang sa ibabaw ng mesa."

"Nand'yan lang 'yun. Teka, tatawagan ko para mahanap mo." Nag-dial ito. "Oh, nagri-ring."

Pumasok si Ethel para sundan ang ringing tone. Galing iyon sa second floor, sa spare room na balak niyang gawing opisina pero sa pansamantala ay storage room muna habang hindi pa nila naiaayos ang gamit. Nakapatong ang kanyang cellphone na isa sa storage boxes doon.

"Paano napunta ito dito?" tanong niya sa sarili.

Kunot-noong sinagot niya ang tawag para ipaalam sa asawa na nahanap na niya ang telepono. Pagka-off ng aparato ay may narinig siyang humagikgik sa kanyang likuran. Pero walang ibang tao nang lumingon siya.

Sumilip siya sa hallway. Wala ring tao.

Isasara na lamang niya ang pinto ng silid nang mapansin niyang nakabukas ang storage box na pinagpatungan ng kanyang cellphone.

"Ano'ng..." For a moment, she just stood there, confused. Kung hindi pa niya narinig ang tawag ng anak ay hindi pa siya kikilos.

Isinara niyang muli ang kahon. Palabas na siya nang maramdaman ang animo malamig

na hanging dumampi sa kanya. Nanayo ang mga balahibo niya sa katawan, dahilan para bilisan niya ang galaw.

Aligaga si Ethel hanggang hapunan. Naglalakbay ang isip niya, pilit hinahahanapan ng logical na rason ang nangyari sa spare room.

“Hon?”

Napapitlag siya nang maramdaman ang kamay ng asawa sa kanyang balikat.

“Okay ka lang ba? Kanina pa kita tinatanong pero nakatulala ka lang,” kunot-noong komento nito.

“O-okay lang ako. Ano nga pala’ng tanong mo?”

Ilang sandaling tinitigan siya nito bago ito nagkibit-balikat. “’Ka ko, saan mo nakita ang cellphone mo?”

“Uhm… d-d’un sa spare room, sa ibabaw nung isang storage box.”

“Huh! Baka doon mo naiwan, nakalimutan mo lang.”

Pero sigurado siyang sa ibabaw ng dining table niya inilapag ang cellphone dahil ginamit pa niya iyon sa paghahanap ng pasta recipe ilang segundo bago iyon nawala.

“S-siguro nga,” wala sa sariling sang-ayon ni Ethel.

# 3

*Sunday*
*October 16*
*3:33 AM*

Hindi maipaliwanag ni Ethel kung ano ang gumising sa kanya. Basta nagising na lamang siyang kumakabog ang dibdib. Sa tabi niya ay himbing na natutulog ang asawa.

Bumangon siya at lumabas ng silid para silipin ang mga anak. Tulog na tulog ang dalawang bata.

Sa hallway ay sandali siyang nakiramdam. Tahimik ang buong bahay.

Nagbanyo siya. Paglabas ay muntik na siyang mapasigaw nang makita si Michelle na nakatayo sa gitna ng pasilyo, walang kakilus-

kilos.

"M-Michelle, baby? Bakit ka bumangon?" Hindi sumagot ang bata. Nakadilat ang mga mata nito, derecho ang tingin at hindi kumukurap. Pero pakiwari niya ay tulog ang diwa ng anak.

Kailan pa ito nagsimulang mag-sleepwalk?

"Michelle!" Niyugyog niya ang bata.

Noon ito nagising.

"Mommy?" animo naalimpungatang kinuskos nito ang mga mata.

"Ano'ng ginagawa mo dito?"

"Ewan ko po." Nagtaka siya sa isinagot nito. "Gusto ko pong mag-wee wee," sabi nito kalaunan.

"S-sige, halika. Sasamahan kita."

Pagkatapos umihi ay inihatid niya ang anak sa silid nito. Agad nakatulog ang bata pagkahiga sa kama. Nagbantay pa siya nang ilang minuto. Saka lamang siya lumabas nang masigurong hindi na mauulit ang biglang pagbangon nito.

Pabalik na siya ng sariling silid nang muli niyang marinig ang mahinang hagikgik.

*Wednesday*
*October 19*
*3:33 PM*

"Kids, Ma... handa na ang merienda.

Bumaba na muna kayo," sigaw ni Ethel mula sa paanan ng hagdan.

Bumalik siya sa kusina nang marinig ang mga yabag mula sa itaas. Segundo lang ang lumipas nang makarinig siya ng lagabog at malakas na sigaw.

"Lola!"

Nadatnan niya ang ina na nakahandusay sa paanan ng hagdanan. Umaagos ang dugo mula sa ulo nito at wala itong malay.

"Mama!"

"Hon," Hangos na pumasok sa lobby ng ospital si Leandro kung saan siya naghihintay, kasama ang dalawang bata. "Kumusta si Mama?"

"Wala pang sinabi ang doktor. Pero nagkamalay siya bago kami makarating dito. They're doing some tests."

"Ano ba'ng nangyari?"

Nagkibit siya ng balikat. "Hindi ko alam. Hindi rin nakita ng mga bata kung paano nahulog sa hagdan si Mama."

Sa puntong iyon, lumapit sa kanila ang manggagamot. "Although wala akong nakitang alarming sa result ng CT scan niya, your mother has a concussion, sanhi ng pagkakabagok ng kanyang ulo. May nakita rin kaming fracture sa kanyang wrist bone. It's possible na itinukod

niya ang kamay para pigilan ang pagbagsak. It needs to be put in a cast. Other than that, you have nothing to worry about. I'd like to keep her here overnight para ma-monitor ang concussion niya."

"Sige, Doc. P'ayag po ako."

"Ako na muna'ng bahala sa mga bata habang nandito ka," saad ni Leandro nang muli silang mapag-isa. "Tawagan mo ako kung may bagong balita, okay?"

"O-okay."

"Hey, she's going to be fine. Narinig mo ang sinabi ng doktor."

Malalim ang hiningang pinakawalan ni Ethel. "Ang weird lang kasi ng nangyari. Hindi ko maintindihan. Maingat si Mama, lalo't kasama niya ang mga bata."

"Nangyayari talaga ang aksidente kahit anong ingat natin. Pasalamat na lang tayo't hindi grabe ang kinalabasan. 'Wag mo nang masyadong isipin. Magiging maayos din ang lahat." Tumango siya. "It's getting late. Ang mabuti pa'y iuwi ko na ang mga bata. Tawagan mo ako kung idi-discharge kayo bukas para masundo ko kayo."

"Okay, sige." Nagpaalam si Ethel sa mga anak na mula pagdating ng ospital ay nanatiling tahimik. Halatang naapektuhan din ang mga ito sa nakitang hitsura ng lola. "Sumunod kayo sa daddy n'yo ha? Dito muna

ako para bantayan si Lola."

"Mommy, gagaling ba siya?" tanong ni Michelle.

"Oo naman. 'Wag na kayong mag-alala. Bukas, paglabas niya, sasamahan natin siya sa bahay niya. Gusto n'yo ba 'yun?"

Excited na sumang-ayon ang dalawa. Naging traumatic man ang hapong iyon para sa mga bata, somehow, she'd given them something to look forward to.

"Ano'ng ibig n'yong sabihin na may tumulak sa inyo?" tanong ni Ethel sa ina.

Nailipat na ito ng silid. Sa awa ng Diyos ay alerto ito at hindi na namumutla.

"Hindi ko kayang ipaliwanag. Basta may naramdaman akong tumulak sa akin habang bumababa ako. At bago ako nawalan ng malay, may narinig akong hagikgik."

"H-hindi kaya ang mga bata?"

"Hindi ako paglalaruan nang ganoon ng mga apo ko. At saka, imposibleng isa sa kanila ang gumawa dahil nauna silang bumaba sa akin." The older woman *tsked*. "Hindi ko maintindihan ang nangyari, anak. Pero iyon talaga ang naramdaman ko."

Hindi mawari ni Ethel ang sasabihin.

*Friday*
*October 21*
*3:33 PM*

"Mommy?"

Mula sa binabasang dokumento'y nilingon ni Ethel ang pitong taong gulang na panganay.

"Yes, baby? Nagugutom ka ba?"

Pasado alas tres na noon ng hapon ayon sa laptop clock. Tapos na ang afternoon nap, oras na ng gising nito.

"Nawawala po si Josh."

Nagsalubong ang kilay ni Ethel. "Ano'ng ibig mong sabihin? Paano mawawala si Josh?"

Nagkibit ito ng balikat. "Wala siya sa kama."

Hangos na tinungo niya ang silid ng mga bata. "Baka nagtatago lang siya."

Sinilip niya ang ilalim ng dalawang kama, ang loob ng closet, kahit ang malaking kahon ng mga laruan pero wala doon ang anak.

Sunod niyang ginalugad ang banyo pati ang silid nilang mag-asawa. Hindi niya nakita si Josh.

Nasa hallway lang si Michelle at pinapanood ang pagparoo't parito niya. Bakas sa mukha ng bata ang takot at kalituhan.

"Josh! Josh!" tawag niya sa bata.

"Mommy..." Her little girl was close to tears.

Kinarga niya ito. "It's okay, baby. B-baka nasa 'baba lang si Josh."

"Pero takot siyang bumaba mag-isa."

Iyon din ang nasa isip niya. Hindi basta-basta bumababa ng hagdan si Josh nang hindi siya kasama.

"Ang mabuti pa'y tingnan natin sa ibaba. Siguro, gusto lang niyang kumain ng cookies."

Parang sasabog sa kaba ang dibdib ni Ethel. Gusto na niyang maglupasay at bumunghalit ng iyak kung hindi lang niya inaalala si Michelle.

Para siyang pinagbagsakan ng langit nang ma-realize na wala rin si Josh sa ibaba. Naka-lock ang front at back door kaya imposibleng makalabas ito ng bahay.

How can a four-year old boy just... disappear?

Nanlalambot na umupo siya ng sofa. Mahigpit na nakayakap sa kanya si Michelle. Nanginginig ang mga kamay na kinuha niya ang cellphone sa bulsa at tinawagan si Leandro. Isang hikbi ang kumawala sa kanya nang marinig ang boses ng asawa.

"H-hon? Please, u-umuwi ka muna. Nawawala si Josh."

# The Mansion

# 1

"Ako lang ba o parang naliligaw tayo?" tanong ng driver at camera assistant na si Eric sa mga kasama.

Sila ay documentary film crew ng isang major TV network. Patungo sila sa Barrio Atatapu kung saan sila maninirahan nang ilang araw habang ginagawa ang dokumentaryo tungkol na sinaunang tribo ng Tinguian, mga katutubong headhunters na pinaniniwalaang kumakain ng utak ng mga pinugutan nilang miyembro ng kalabang tribo. Para iyon sa Halloween special ng TV documentary show na *Tagong Yaman,* kung saan isang junior researcher si Khari.

"Paano tayo maliligaw eh, derechong daan

lang naman itong binabagtas natin mula pa kanina," sagot ng producer at senior researcher na si Prescilla na nakaupo sa front passenger seat.

"'Yun na nga. Halos tatlong oras na tayo sa dirt road na ito. Narinig mo ang sinabi ng napagtanungan nating matanda, di ba? Ang s'abi niya, kumaliwa ako sa kanto kung saan may sunog na puno. Wala pa akong nakikitang sunog na puno. Wala pa rin akong nakikitang kanto." And that was more than an hour ago.

"Baka naman nalampasan mo na?"

"Hindi ako bulag," reklamo ni Eric na hindi na maipinta ang mukha dahil sa pagkabagot. "Sigurado ka bang reliable ang information na ibinigay sa 'yo n'ung nakausap mong tao?"

Sa ibang pagkakataon, hindi katanggap-tanggap na magsalita nang ganoon ang isang camera assistant sa kanyang producer. Pero dahil ilang taon na rin silang magkakasama'y wala nang pormalidad sa pagitan nila.

"Hello! Di ba may nakasalubong tayo kanina? He confirmed that this is the right way."

"Paano ka naman nakasigurong naintindihan tayo ng matanda? Hirap nga siyang mag-Tagalog, eh. For all we know, ang itinuro niya sa ati'y kung saan niya dinadala ang kambing niya para manginain," Eric replied with a smirk.

"Hay naku, Eric. Ang dami mong reklamo. Mag-drive ka na nga lang."

"Seriously, guys, hindi ba kayo nagtataka?" Bumaling ang driver kay Prescy. "Talaga bang taga-Barrio Atatapu 'yung nakausap n'yo sa La Paz?"

"Tribal chief ng barrio na tutuluyan natin na si Apo Itneg. Granted na hindi siya marunong mag-Tagalog, pero may kasama kaming interpreter galing sa Tourism Department ng LGU. Siya ang nag-translate ng direksyon na ibinigay ng matanda. 'Yun din ang ibinigay ko sa 'yo. Walang labis, walang kulang."

"O, di ba nga, sinunod ko naman? Pero bakit hanggang ngayon nasa gitna pa rin tayo ng masukal na gubat at wala akong makita ni isang bahay? Di ba dapat, one hour lang ang estimated travel time mula sa turn off?"

"Alam mo naman dito sa probinsya. Ang malapit sa tagarito, dalawang oras ang katumbas na biyahe para sa ating taga-siyudad," sabat ni Andy, ang director of photography nila at superior ni Eric kung susundin ang hierarchy ng grupo. "Bakit, pare? Natatakot ka ba?" tukso nito na sinabayan ng mahinang tawa.

Umingos ang camera assistant. "Bakit naman ako matatakot? Weirded out lang ako. Ikaw, Khari? Ano'ng pakiramdam mo?"

"Teka, bakit ako?"

“Because you’re a psychic,” sagot ng kapwa niya junior researcher na si Alice.

Muntik nang maibuga ni Khari ang iniinom na tubig. “Hindi ako psychic. Malakas lang ang intuition ko,” katwiran niya.

It was a running joke among their crew. Psychic ang tawag sa kanya dahil halos lahat ng kutob niya ay nagkakatotoo.

Lihim siyang napangiwi. Totoong hindi siya isang psychic. But she was blessed with an unusual gift.

“Ano’ng sinasabi ng intuition mo ngayon?”

Sa totoo lang, sang-ayon siya sa sinabi ni Eric.

Totoong nasa liblib na parte ng kabundukan ang sacred site ng sinaunang tribo ng Tinguian na ipi-feature nila sa dokumentaryo. Kakailanganin nilang mag-hike nang apat na oras para marating iyon, ayon kay Apo Itneg. Pero hindi ang barrio na magsisilbing base nila sa tatlong araw. Kulang isang oras lang ang layo ng barrio sa main town, paniniguro ng matanda. Sinegundahan iyon ng representative ng local tourism office na kasama nila sa meeting. Kaya siya man ay nagtataka kung bakit inabot na sila ng ganoon katagal sa biyahe at ni anino ng lilikuan sana nilang daan ay hindi nila makita.

Maputik ang one-lane dirt road na tinatahak nila. Mula nang pasukin nila ang

makipot na daan paakyat ng bundok ay isang matandang lalaki na may hilang kambing lang ang nakasalubong nila. It was as if the whole area was deserted, taliwas sa inaasahan niya dahil alam niyang may dalawang tribal barangay na naninirahan sa parteng iyon ng bundok. Idagdag pa roon, alas cinco y media na ng hapon at sa naririnig niyang kulog at panaka-nakang kidlat, mukhang may nagbabadyang malakas na ulan.

Malakas ang kutob ni Khari na may mali. Her intuition had always been spot on, kahit noong bata pa siya.

She doesn't understand how her gift works. Just that it did most times. And when she closed her eyes a while ago and opened her senses, there was something—an ominous presence in the air.

Waiting…

Watching…

Hindi lang niya alam kung paano iyon ipapaliwanag sa mga kasama. She didn't want to sound weirder than they already thought she was.

"Malayo pa ba tayo?" Khari was saved from answering by their director. Kagigising lang ni Norman.

"Eric thinks we're lost," mahinang sabi ni Alice.

At parang pagbibigay-diin sa sinabi ng

dalaga, nagliwanag ang langit sa talas ng kidlat na sinundan ng dagundong ng kulog. Pumiksi siya sa gulat.

"Naliligaw? Akala ko ba malapit lang ang pupuntahan natin?" ang tanong ay nakapukol sa kanya. Hindi niya alam ang isasagot kaya nagkibit-balikat na lamang siya.

"Teka, may nakikita akong sunog na puno," bulalas ni Eric bago pa niya masabing huminto muna sila.

"S'abi ko naman sa iyo. Ikaw lang itong masyadong nagmamadali," buska ni Prescy.

Nagmenor si Eric palapit sa puno. "Teka, wala akong lilikuan sa kaliwa pero may daan sa kanan." Sumulyap ito sa producer. "Ano, dederecho ba ako o liliko?"

"K-kung... bumalik na lang kaya tayo? Tatawagan ko uli si Mr. Rando para makausap si Apo Itneg."

Apat na pares ng mata ang tumuon sa kanya dahil sa sinabi niyang iyon.

"Gusto mong bumalik tayo pagkatapos ng kulang apat na oras na biyahe papunta rito? Kung kailan malapit na tayo?" naguguluhang tanong ni Prescy.

"Suggestion lang naman," aniya.

Bumuntong-hininga ang producer.

"Sige na, Eric. Iliko mo na ang van. Baka nalito lang 'yung matanda kanina kaya kaliwa ang nasabi."

Hindi na lang nagreklamo si Khari. Sa halip, lihim siyang umusal na dasal na sana ay walang masamang mangyari sa kanila.

Fifteen minutes later…

Biglang nagpreno si Eric. “Ano’ng—”

“Hey, tao ba ‘yon?” turo ni Alice sa bulto na nakabulagta sa gitna ng daan, halos dalawang metro ang layo sa sasakyan. Hindi ito kumikilos.

Sa puntong iyon, bumuhos ang malakas na ulan.

# 2

"Mukhang tao nga," komento ni Eric.

"Baka buhay pa, tulungan natin," ani Alice.

"Teka muna. Baka mamaya, masamang tao 'yan."

"Tama si Khari. Baka ikapahamak pa natin kapag isinakay natin dito."

"Eh, ano'ng gusto mong gawin, Prescy? Maaatim n'yo bang iwan siya sa ganyang kalagayan?"

"Oo nga. Hindi naman siguro 'yan magnanakaw. I mean, sino'ng nanakawan niya sa liblib na lugar na 'to?"

"Baka hiker 'yan na naligaw at naaksidente," sabi ni Norman. "O kaya, isang

taga-barrio. Baka makatulong pa sa atin 'yan kalaunan."

Bumuntong-hininga si Khari. May katwiran ang mga kasama, pero hindi maganda ang kutob niya. Ang problema ay hindi niya tiyak kung dahil iyon sa lugar na kinalalagyan nila o sa taong nakahandusay.

"Ano sa tingin mo, Khari?" Prescy asked her.

Nagdadalawang-isip ang dalaga. Her guts told her to just leave the unconscious man. But her conscience told her otherwise. Her intuition may be spot on but what if, this time it's not? Kaya bang dalhin ng konsensya niya na iwan ang isang helpless na taong kaya naman nilang tulungan?

"You're right. Kailangan natin siyang tulungan. Sasama ako sa inyo," sang-ayon ni Khari sa bandang huli.

Umiling si Eric. "Nope. Dito ka lang. Kami na lang nina Norman at Andy ang bababa."

"Pero—"

"Yes, kailangan natin siyang tulungan. Pero hindi ibig sabihin na hindi na tayo dapat mag-ingat. Malamang sa hindi, hiker siya. Pero hindi rin natin sigurado kung hindi ba siya masamang tao gaya ng sinabi mo. Kami na'ng bahala. I-lock n'yo ang pinto," bilin ng lalaki pagkatapos i-zipper ang suot na hoodie jacket.

Hatid-tanaw ni Khari ang tatlong kasama.

“My God! So it’s a person?” Nakasiksik si Alice sa center console at kausap si Prescy.

“Hindi ko alam,” frustrated na sagot ng huli.

“Napansin n’yo ba?” singit ni Khari. “Biglang naging sobrang dilim. Hindi ganito kanina n’ung lumiko tayo.”

The gray sky turned pitch black in an instant, illuminated only by streaks of lightning. Wala siyang gaanong maaninaw sa paligid. Mistulang tuod na anino ang mga puno sa malawak na kadiliman. Guhit lamang sa gitna ng dilim ang headlights ng van. Ni hindi pa nga lumagpas ang coverage nito sa tatlong taong nakatulungko sa gitna ng daan.

It’s as if something was preventing them to see what’s around them and beyond.

Bukod sa mahinang hum ng makina ng sasakyan at sa tuluy-tuloy na buhos ng ulan, naririnig din niya ang kakaibang ugong ng hangin. It reminded her of the cry of humpback whales—sad and haunting.

“Really? ’Wag ka namang manakot.”

“Hindi ako nananakot, Prescy. Sinasabi ko lang ang obserbasyon ko. Dapat kasi, bumalik na lang tayo kanina.”

“Hey, ’wag na kayong magtalo. Nandito na tayo, eh. Let’s just get out of this mess. Kinakabahan na ako,” saway ni Alice.

Khari took a deep breath to calm her self. "I'm sorry. I guess, pagod lang ako at frustrated na rin dahil kanina pa tayo bumibiyahe." *And everything feels off and I'm nervous.* Hindi niya iyon masabi dahil tiyak na magpa-panic ang dalawang babae. "Kukuha ako ng towels sa likod."

"Pabalik na sila." Binuksan ni Alice ang sliding door hustong naroon sina Andy at Norman, bitbit ang isang walang-malay na lalaki. Inihiga nila ang lalaki sa second row seat bago pumasok sa sasakyan. Inabutan niya ng towels ang dalawa pati na si Eric.

"Buhay pa siya. Pero may sugat sa ulo at hindi siya mukhang katutubo," mahinang paliwanag ni Andy. "Tingin ko, tama si Norman. Hiker 'yan na naligaw at naaksidente."

Tumango si Khari. "Malalaman natin kapag nagising siya."

"Great! Umalis na tayo rito, p'wede?" hirit ng kanilang producer.

Eric didn't need to be told twice. Hinubad lang nito ang basang jacket at saka pinaandar uli ang sasakyan.

Itinuon ni Khari ang buong atensyon sa estranghero.

Hindi pa ito katandaan, hula niya ay nasa late thirties o early forties lang. Matangkad at katamtaman ang bulto ng katawan, naka-leather jacket, light blue *Henley*, jeans, at

hiking shoes. May sukbit itong knapsack sa likuran na ngayon ay nasa ulunan na nito. Mamaya na niya bubusisiin ang laman niyon. Natuon ang pansin niya sa nakasabit na kuwintas sa leeg ng lalaki, simpleng leather chain na may nakasabit na itim na kristal. Sa biglang tingin, animo may umiikot na hangin sa loob ng bato, pero nang ikurap niya ang mga mata ay nawala iyon.

Ipinilig ni Khari ang ulo. Baka sadyang guni-guni lang niya iyon, dala ng kasalukuyang sitwasyon nila.

Huminto na sa pagdurugo ang sugat ng estranghero sa ulo. Tingin niya ay hindi naman iyon grabe. Binalot na lamang niya ng natitirang tuwalya ang katawan ng lalaki at sinigurong maayos ang pagkakahiga nito sa upuan.

Wala siyang maramdamang kakaiba sa lalaki. Pero sa halip na mapanatag, lalong tumindi ang pagkabalisang nararamdaman niya. It was confusing.

Beinte minutos pa ang lumipas nang huminto ang sasakyan sa tapat ng isang wrought iron gate.

“Ano ba namang kamalasan ’to?” daing ni Eric.

“Hmm… ito na ba ’yung barrio?” Sa hitsura ay alam niyang nagbibiro lang si Andy.

Tinitigan ito nang matalim ni Prescy.

"Nakakahiya mang aminin pero... mukhang naliligaw nga tayo," Prescy said with a sigh.

Buntong-hininga at ungol ang naging tugon ng lahat.

Pumalatak si Norman. "Dapat pala, bumalik na lang tayo gaya ng s'abi ni Khari."

Tumango ang producer. "I'm sorry kung hindi ako nakinig. It's just that—"

"Hey, walang may kasalanan, okay? Wala namang may gusto na mangyari sa atin 'to." Binalingan niya ang driver. "Eric, kakayanin mo pa bang mag-drive pabalik?" Kung hindi na nito kaya, puwede naman siyang pumalit bilang driver. Marunong ding magmaneho ng van si Andy sa pagkakaalam niya.

Umiling ang lalaki. "Masyadong malakas ang ulan at sobrang dilim. Hindi equipped ng fog light ang van. At saka, wala na sa kalahating tangke ang gasolina natin. Baka maubusan tayo sa gitna kung pipilitin nating bumalik. Lalong delikado."

Wala ring cell signal kaya imposibleng makatawag sila ng tulong. They're basically stranded in nowhere in the middle of a vicious storm.

Gumuhit ang matatalim na kidlat at saglit na nagliwanag ang paligid.

"Guys, I think there's a house over there," turo ni Alice sa area sa kabila ng gate.

Sa puntong iyon, umungol at nagmulat ng

mata ang lalaking estranghero. Nagpilit itong tumayo nang maaninaw ang mga mukha nila.

"Teka, may sugat ka sa ulo. Baka makasama kung kikilos ka bigla," saway ni Khari. Inalalayan niya ito para makaupo nang maayos.

May ilang segundong tinitigan siya ng lalaki bago nito pinaikot ang tingin sa loob ng van. "S-sino kayo?"

Si Prescy ang nagpakilala sa kanilang grupo. "Ikaw, sino ka? At paano ka napunta sa lugar na ito?"

"Glen Fellana ang pangalan ko." Inginuso nito ang backpack. "Nariyan ang wallet at identification cards ko, kung gusto n'yong i-check."

Si Andy ang nag-check. Tumango ito nang mabasa ang information sa driver's license ng lalaki. "Taga-Cavite ka? Paano ka napadpad dito?"

"Sheer stupidity," the man said with a self-deprecating sneer. "Matagal ko nang gustong subukan na mag-hike kaya sumama ako sa isang grupo ng hikers. Ang kaso, napahiwalay ako at naligaw. Hindi ko na mabalikan ang trail na tinutunton namin kanina. Nakarating ako sa isang bluff at mula doo'y may natanaw akong bahay. Balak kong magpalipas muna sana ng gabi sa bahay na nakita ko. Kaso..." Kinapa nito ang sugat sa ulo.

"Baka nahulog ka habang pababa ng bluff."

"Siguro nga. Hindi ko matandaan." Nginitian siya nito. "Ang akala ko kanina, n'ung hindi ko makita ang mga kasama ko, hindi na ako makakaalis sa lugar na 'to. Lalo akong kinabahan n'ung bumuhos ang malakas na ulan. Suwerte ko na nakita n'yo ako. Maraming salamat sa tulong."

"Walang anuman," sagot ni Khari.

"Teka, baka 'yun 'yung bahay na nakita niya sa bluff?" tanong ni Alice.

Kumunot ang noo ng lalaki.

"Nasa deadend tayo. May nakaharang na gate at may bahay sa kabila," paliwanag ni Andy.

Sandaling nag-isip si Glen. "'Yun na nga siguro 'yung bahay na natanaw ko."

Isinuot ni Khari ang jacket. "Susubukan ko kung mabubuksan ko ang gate."

"But that's private property," paalala ni Alice.

"Kung may nakita kang bahay, wala tayong choice kundi makisilong. Maiintindihan naman siguro tayo ng may-ari."

Sa hitsura ng gate ay mukhang matagal nang abandonado ang property. Kung anumang structure ang nakita ni Alice at ng estranghero, mas lamang sa hindi na dilapidated o guho na lamang iyon.

Hindi nagustuhan ni Khari ang pananayo

ng balahibo sa kanyang batok. Hindi talaga maganda ang pakiramdam niya sa nangyayari. Pero mas mapanganib na manatili lang sila roon sa gitna ng daluyong. They would have to brave what's behind the rundown gate.

"Sasamahan kita." Nauna pang bumaba ng van si Andy bitbit ang isang flashlight.

Lagpas-tao ang taas ng gate, makakalas na iyon sa pinagkakabitang poste dahil sa kalawang. Balot din ng kalawang ang kadena at padlock na humahawak dito pasara.

"Khari, tumabi ka."

Nag-side step siya para kay Andy. Pinukpok nito ng hawak na bato ang padlock. And without much effort on their part, the gates swung open. Beyond the gate, she could see the outline of a tall structure. So hindi namamalik-mata si Alice.

For a minute she just stood there, staring.

"Khari, halika na."

Bumalik sila sa sasakyan. Habang papasok sa misteryosong property sa gitna ng gubat, hindi maisantabi ni Khari ang malakas na kabang nararamdaman.

Nang di-sinasadyang magawi ang tingin niya sa estranghero ay napansin niyang titig na titig ito sa kanya.

# 3

"Anak ng...! Ako lang ba o para tayong nasa loob ng isang horror movie?"

Khari couldn't fault Norman for the question. The structure that greeted them at the end of the road looked like it came straight out of a scary film.

Hindi sapat ang headlights para makita nila ang buong gusali. Ilang detalye lang ang naaninag niya. Pero sapat na iyon para magkaroon siya ng ideya sa napuntahan nilang lugar.

Hindi iyon isang ordinaryong bahay kundi isang mansyon.

Malawak ang sakop nito at sa tantiya niya ay may tatlong palapag ang taas. Patulis

at matarik ang mga bubong, may pabilog na portico na bahagi ng tore sa gitna, na mas mataas pa sa main building. Yari ang mansyon sa bato at anumang kulay ang mayroon ito noon ay humulas na sa tagal ng panahon. Ang mga poste ng portico ay binalot na ng baging, maging ang pasimano ng ilang bintana.

"Mukhang abandonado. Who would leave this place? It must've looked grand at one time."

Alice couldn't be more right. But who would build something like this in the middle of nowhere in the first place? Kung bakit ito inabandona, suspetsa niya ay may malalim na dahilan.

"Ewan ko sa inyo, pero napapagod na ako at nagugutom. Lumalakas pa ang ulan. Kung dito tayo magpapalipas ng magdamag, kumilos na tayo at nang makahanap tayo ng space na mapagpapahingahan."

"Tama si Andy. Prescy, ang mabuti pa'y isama mo sina Khari at Alice. Tingnan n'yo kung mabubuksan ang pinto. Hahakutin naming tatlo ang mga gamit natin," ani Norman.

"P'wede akong tumulong," alok ni Glen.

"'Wag na. Kaya na namin 'to. Sumama ka na lang sa kanilang tatlo."

Tumango ang lalaki.

Bumaba sila ni Alice ng van pero nanatiling nakaupo sa passenger seat si Prescy. Titig na

titig ito sa tore.

Kunot-noong tumingala si Khari hustong kumidlat. There, on the second floor window, an outline of a man peered at them behind the glass. Napasinghap siya at agad na itinutok ang hawak na flashlight sa bintana. Pero walang lalaking nakasilip, wala kahit anino.

Totoo ba ang nakita niya o pinaglaruan lang siya ng kanyang mga mata?

"Prescy!" tawag ni Alice sa producer sabay katok sa pintuan nito. Pumiksi ito na animo biglang nagising at saka inilibot ang tingin sa paligid. Bumaba lang ito ng sasakyan nang muling tawagin ni Alice. Agad itong umiwas ng tingin nang magkasalubong ang mga mata nila.

Nakita rin kaya ni Prescy ang lalaki kaya ito titig na titig sa tore? Muli niyang inilawan ang bintana pero wala siyang nakita.

"May problema ba?" The whisper came from her left, close to her face. Nagulat siya at napaatras nang makita si Glen.

Itinaas nito ang dalawang kamay at agad umatras. "I'm sorry. Hindi ko sinasadyang gulatin ka."

"O-okay lang. 'Wag mo na lang ulitin. Hindi ako sanay na biglang may sumusulpot sa likuran ko." In truth, it wasn't okay. But what could she say? "Ang mabuti pa'y mauna ka."

Tumango ito at sumunod kina Alice

pagkatapos muling humingi ng sorry sa kanya.

Naiiling na sumunod na lamang si Khari sa tatlo.

Maliban sa kumupas na pintura at sa mga baging na gumapang sa palibot ng frame at sa sahig, mukhang solido at matibay pa ang antigong pinto.

Pinihit niya ang seradura.

“H-hindi naka-lock.”

“It’s a good thing, right?”

Hinawi siya ni Prescy at ito ang tumulak sa pinto. Derecho itong pumasok nang hindi nagsasalita.

“Prescy, sandali!” Napilitan si Khari na sundan ang producer sa madilim na pasilyo.

“Oh, wow!” bulalas ni Alice nang bumungad sa kanila ang isang bulwagan.

Yari sa salamin ang domed ceiling. Tumatagos doon ang liwanag ng kidlat at nagre-reflect sa malaking chandelier na nakasabit sa gitna, na pinalibutan na ng mga sapot. Animo mga galamay ang aninong nililikha ng mga iyon sa tuwing kumikidlat.

May arched entry sa kaliwa at sa kanan, mayroong dalawa pa sa magkabilang gilid ng bulwagan.

Nasa paanan sila ng isang grand staircase. Yari iyon sa marmol at wrought iron grill, nakalatag pa ang carpet runner sa steps. May landing kung saan may dalawa pang hagdanan

na paakyat sa paikot na balkonahe sa second floor. Doon nila nadatnan si Prescy, titig na titig sa life-sized portrait ng isang lalaki na nakasabit sa paneled wall.

"Prescy." Parang walang narinig ang producer. "Prescy!" pasigaw na ulit niya.

Noon lang ito lumingon, umiling na animo litong-lito.

"Okay ka lang?"

Iginala nito ang paningin sa paligid. "O-oo naman."

*She's lying*. Kumunot ang noo ni Khari.

"Ang mabuti pa'y maghanap tayo ng puwede nating magamit. Hindi tatagal ang mga flashlight natin. Mag-e-explore ako sa itaas."

"Sasamahan ko siya," paalam ni Alice.

Naiwan silang dalawa ni Glen. He looked pale even in the meager light.

"Ang mabuti pa'y maghanap tayo ng puwede mong pagpahingahan. At pamalit na rin sa suot mo. Mahirap magka-hypothermia."

"I want to say I'm fine, pero tama ka. Nanlalambot pa ang mga tuhod ko."

Tumango si Khari. There was something about him that felt familiar, na parang nakausap na niya ito dati. Pero hindi niya matandaan kung kailan niya ito nakilala.

"I-check natin kung ano'ng nandoon," turo niya sa entryway sa kanan.

It turned out to be a sitting room that

looked like something out of some historical fiction books, from the dusty paintings on the wall down to the old chesterfield.

The room smelled of stale air and mold. Luma at puno ng alikabok ang mga gamit. The center table was missing a leg. The grandfather clock had long lost its pendulum, the clock face broken and missing a hand. The wingback chair was missing its left arm rest, the leather so faded and thin Khari thought she could shred it with her bare hands. Spider webs hung from every corner, wall sconces, and most of the ceiling.

Time had worn the room down. And Khari wondered what prompted the owners to leave. At bakit hindi na nag-abala ang mga ito na bitbitin ang mga gamit? The furnitures looked to be genuine antiques.

Siniguro niyang walang namamahay na daga o ibang insekto sa sofa bago niya pinaupo roon ang lalaki.

“Okay lang ba kung maghubad ako ng t-shirt?” tanong nito.

“Mas mabuti pa nga. Wala akong maibibigay na pamalit pero I’m sure p’wede kang pahiramin ni Andy ng t-shirt. Tingin ko, kayong dalawa ang magka-size.” Kumuha siya ng bimpo sa sariling backpack. “Heto, ipamunas mo muna sa katawan mo.”

Habang nagpupunas ang lalaki ay inisa-

isa ni Khari ang mga paintings sa dingding. They were all landscapes, with one depicting the house in its earlier glory. It was beautiful. Still, the painting caused an uneasiness she couldn't explain.

Lilipat na siya ng puwesto pero may napansin siya sa bahay, partikular sa isa sa mga bintana sa second floor.

Inilapit niya roon ang mukha.

Kasing-laki lamang ng A-4 size typewriting paper ang painting, pero detalyado ang pagkakagawa nito. At sa pinakadulong bintana ng ikalawang palapag, sa kanan, napansin niya ang mukha ng isang bata. At umiiyak ito. Her finger hovered over the painting. Pero bago pa niya iyon mahawakan ay isang tapik sa balikat ang gumulat sa kanya.

"I'm sorry." Mabilis na umatras si Glen, nakataas ang dalawang kamay. "Hindi ko sinadyang hawakan ka. Kanina pa kasi kita tinatawag pero masyado kang fixated diyan sa painting."

Malalim ang buntong-hiningang pinakawalan ni Khari. Noon lang niya na-realize na ang bilis at ang lakas ng tibok ng kanyang puso.

"P-pasensya ka na. Ano kasi..."

"Ano ba'ng nakita mo diyan sa painting?"

Muli niyang sinuri ang painting. "Huh!" Kumunot ang noo niya nang mapansing wala

na ang mukha ng bata sa bintana.

"Khari?"

"Uhm... w-wala. Nagandahan lang ako kasi parang totoo."

Lumapit si Glen at tinitigan ang painting. "Hmm... Tama ka. Sino kaya ang nagpinta nito?"

"May initial na *FA* sa lower left corner."

"But that doesn't tell us anything, does it?"

Tumango siya. "Kung sinuman ang artist, napakagaling niya."

Bumalik sila sa sofa. Narinig niya ang mga yabag sa labas ng silid pero wala pang sumusulpot isa man sa mga kasama niya.

"P'wede ba akong magtanong?"

"Oo naman. Ano'ng gusto mong malaman?"

"Nagkakilala na ba tayo before?"

Kunot-noo ang lalaki habang nag-iisip. "I don't think so," he said after a beat. "Kung nagkakilala na tayo, siguradong hindi kita malilimutan. Hindi ako nakakalimot ng isang magandang mukha."

Khari knew it was his subtle way of flirting. Pero wala iyong epekto sa kanya.

"Espesyal ka, Khari. I hope you realize that."

It bothered her that his tone suggested the statement wasn't about her physical attributes. Nase-sense ba nito ang kaibahan niya? Paano?

Kapwa sila bumaling nang pumasok sa

silid ang tatlong lalaki.

"Wow! Hindi ko masabi kung suwerte o malas ang dumapo sa atin. But this place is unbelievable," bulalas ni Eric.

"Naipasok n'yo nang lahat ang gamit?"

Tumango si Norman bilang sagot.

"Nasaan sila Alice?" tanong ni Andy.

"Nasa itaas, sinamahan si Prescy na maghanap ng ibang magagamit natin. Uhm, p'wede mo ba siyang pahiramin ng t-shirt?"

"Hindi na kailangan," sagot ng papasok na si Prescy bago pa makapagsalita si Andy. May bitbit itong ilang pares ng pantalon at dress shirt. "Nakita namin 'to sa isa sa mga rooms sa itaas. It's not new pero maayos pa. Kung hindi ka naman maselan..."

"Hindi, ayos lang 'to sa akin." Pinagpag nito ang isang long-sleeved aqua blue shirt at isinuot. Nagpalit din ito ng pantalon.

Kung hindi niya alam ang totoo, iisipin niyang kay Glen talaga ang mga damit. Parang isinukat ang mga iyon sa katawan nito.

"You wouldn't believe it. This place is like a freaking museum," bulalas ni Alice na kararating lang. May bitbit itong tatlong kandelabra at ilang piraso ng kandila. "Tingnan n'yo 'tong nakita ko."

"What the—"

"Ginto ba'ng mga 'yan?" nanlalaki ang mga matang tanong ni Eric.

Nagkibit-balikat si Alice. "Hindi ko alam. It could just be plated."

Inilabas ni Norman ang pocket knife, kinuha ang isang candelabra at kinayod ng talim ang base. Ngumisi ito. "Guys, hindi ito plated. Totoong ginto ito." Bakas sa mukha nito ang excitement. Inulit nito ang ginawa sa dalawa pang kandelabra.

Nakigulo na ang iba sa grupo. Tanging silang dalawa lamang ni Glen ang nanatili sa kinatatayuan. Habang nakamasid siya sa mga kasama ay titig na titig naman ito sa kanya.

"Saan mo nakita ang mga ito, Alice?" tanong ni Andy.

"It was in the master's bedroom, I think. May tatlong room pa sa itaas na hindi ko napasok."

"I bet hindi lang 'yan ang gintong makikita natin dito sa bahay."

"Malaki-laking pera 'to pag naibenta."

"Teka muna," awat ni Khari. "Hindi sa atin ang mga gamit na nandito."

"Khari, abandonado na 'tong bahay. Hindi natin kasalanan na umalis ang may-ari at iniwan ang lahat ng gamit nila," katwiran ni Andy.

"At saka, sino'ng sisita sa atin? Walang makakaalam kahit limasin natin ang lahat ng laman nitong bahay," dagdag ni Norman.

"Pagkakataon na natin 'to. Aba, hindi ako

tatanggi sa suwerte," tumatawang dagdag ni Andy.

Khari was horrified. She'd been with these people for years. She knew them on a personal level. Pero nang mga sandaling iyon, pakiramdam niya ay ibang tao ang kaharap niya.

"Pero—"

"Ang mabuti pa'y maghanap pa tayo sa itaas. Pumili na rin tayo ng silid kung saan tayo matutulog," suhestiyon ni Eric.

Hindi makapaniwala si Khari sa nakikitang gleam sa mga mata ng lalaki. Sa kanilang lahat, ito ang pinaka-sensible. Hindi niya iyon nakikita ngayon sa binata.

"Eric, sandali!"

They fled out of the room, ignoring her. Ni hindi niya napansin kung sino ang nagbitbit ng tatlong kandelabra. Ang naiwan sa silid ay ang mga hardware at camera kits nila, at ang tatlong piraso ng kandila.

"Hayaan mo na sila, Khari," sabi ni Glen.

"Hindi ko sila p'wedeng hayaan. Pagnanakaw ang gagawin nila."

"Paano magiging pagnanakaw kung wala nang nagmamay-ari? Finders keepers nga, di ba?"

"Pero hindi pa rin tama. They're all acting out of sorts."

"It's just the excitement." Lumapit ito sa

kanya. “Ba’t di ka na lang sumama sa akin? I-explore natin itong buong first floor. Curious akong makita ang kusina.”

Glen looked harmless enough. But something about him made Khari leery.

“I think susunod na lang ako sa mga kasama ko.”

He gave her a one shoulder shrug. “Sige, ikaw ang bahala.”

Iniabot niya rito ang hawak na flashlight. “Heto, gamitin mo.”

Umiling ito, walang imik na dinampot ang isang kandila. May hawak na itong lighter. “Ito na lang ang gagamitin ko.”

Naghiwalay sila sa bulwagan. Dumerecho siya sa itaas habang ito nama’y pumasok sa isa sa entryway malapit sa hagdan.

The second floor was divided into two wings. Narinig niya ang tinig ng mga kasama sa kaliwa pero may kung anong tumatawag sa kanya para pumunta sa kanan.